**FOR IMMEDIATE RELEASE**
Tuesday, July 1, 2025

**CONTACT:**
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
1.510.499.3419
krivera@alamedaalliance.org

---

**PAHAYAG NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH SA MGA IMINUMUNGKAHING PAGBABAWAS NG PEDERAL SA BADYET NG MEDICAID**

Kapag isinabatas ng Senado ang panukalang-batas sa reconciliation ng badyet, mababawasan ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at negatibong maaapektuhan ang mga lokal na ospital, provider ng pangangalagang pangkalusugan, negosyo, at libu-libong lokal na residente.

**Alameda, CA –** Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay ang lokal na planong pangkalusugan na nagbibigay ng mga komprehensibong serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 410,000 residente ng County ng Alameda at naglilingkod sa mahigit sa **1** sa **4** na residente ng county na nakatala sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal, at iba pang populasyong hindi sapat na napagseserbisyuhan.

Ipinasa ng Senado ng Estados Unidos kanina ang **panukalang-batas sa reconciliation ng badyet** kung saan malaki ang gagawing pagkakaltas sa Medicaid, na magiging matinding dagok sa mga residente ng County ng Alameda, mga Californian, at Amerikano. Ayon sa pagtataya ng Tanggapan para sa Badyet ng Kongreso, babawasan ng nasabing panukalang-batas sa reconciliation ang paggasta ng pederal sa Medicaid ng halos $800 bilyon sa loob ng sampung taon, at mahigit sampung milyong tao ang mawawalan ng saklaw sa Medicaid pagsapit ng 2034.

Ayon sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, hanggang 3.4 na milyong Californian ang posibleng mawalan ng saklaw sa kalusugan, at tinatayang $28.4 na bilyong pondo ng pederal ang mailalagay sa panganib kapag naisabatas ang panukalang-batas. Ang ganito kalaking pagkakaltas ay magreresulta sa malawakang pagkawala ng access sa pangangalagang pangkalusugan, magde-destabilize ng mga safety net na sistema, at negatibong makakaapekto sa ekonomiya ng lokal at estado. Pupuwersahin din ng mga mapaminsalang pagkakaltas na ito **ang mga mambabatas sa California na gumawa ng mahihirap na pasyang lalo pang makakabawas sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan, na negatibong makakaapekto sa mga kahihinatnan**

**sa kalusugan sa mga lokal na komunidad, at magdudulot ng masasamang epekto sa mga safety net na provider.**

**"Makakaapekto ang panukalang-batas na ito sa bawat aspeto ng ating mga lokal at pambansang sistema ng pangangalagang pangkalusugan," sabi ng CEO ng Alliance na si Matthew Woodruff. "Isa itong banta sa pangangalagang pangkalusugan ng ilan sa mga pinakamadaling maapektuhang residente sa ating komunidad – kasama ang mga bata, pamilya, at nakatatanda. Habang isinasaalang-alang ng Kapulungan ang pagbagong ito sa panukalang-batas, hinihikayat ko silang** tutulan ang mga mapaminsalang pagkakaltas na ito sa mga napakahalagang safety net na serbisyo, gaya ng programa ng Medicaid."

Para matuto pa tungkol sa Alliance, **bisitahin kami sa www.alamedaalliance.org**.

###

**Tungkol sa Alameda Alliance for Health**

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal, pampubliko, at not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya sa mga residente ng County ng Alameda ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 410,000 bata at nasa hustong gulang sa pamamagitan ng mga programa ng Medi-Cal at Panggrupong Pangangalaga ng Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Kalidad ng Seguridad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).